

Pagpapabaya bilang isang Uri ng Pang-aabuso

Marami sa pagpapabaya na nahaharap ng mga taong may kapansanang intelektwal at developmental [intellectual and developmental disabilities (I/DD)] ay nakatago¹. Ang mga direct support professional (DSPs) ay dapat makakaalam kung ano ang hitsura ng pagpapabaya at kung ano ang gagawin para maiwasan ang pang-aabuso para sa mga indibidwal na sinusupportahan nila.

Ano ang Pagpapabaya?

Tulad ng inilarawan ng California Welfare and Institutions Code: Ang pagpapabaya ay isang kilos o kabiguang kumilos ng isang tao na responsable sa pagbibigay ng mga serbisyo at/o suporta sa isang tao na may I/DD. Kabilang sa mga uri ng pagpapabaya ang kabiguan na itakda o isagawa ang angkop na indibidwal na programa o plano ng panggagamot, magbigay ng sapat na nutrisyon, angkop na pananamit, o pangangalaga sa kalusugan. Kabilang din sa pagpapabaya ang mga sitwasyon kung saan ang isang tao ay naninirahan sa isang hindi ligtas na kapaligiran, kulang sa sapat na bihasang staff, nabigong gumawa ng angkop na mga hakbang para maiwasan ang pang-aabuso sa sarili, panghahas, o pananalakay ng isang kasamahan.²

Ano ang Hitsura ng Pagpapabaya?

May maraming uri ang pagpapabaya. Halimbawa:



Pisikal na Pagpapabaya

- Pagtangi na tumulong sa isang indibidwal na nangangailangan ng tulong sa pagkain, pagpunta sa banyo, o pananatiling malinis at maayos
- Pagpigil sa medikal na pangangalaga, kabilang ang medikal na kasangkapan tulad ng hearing aids
- Kakulangan ng sustansya at mga pangangailangan sa pagkain
- Di sapat na tulog, kaayusan sa pagluluto, o paliligo
- Kakulangan ng angkop na suporta – pag-iwan sa isang indibidwal na may kapansanan na walang superbisyon o naglalagay sa tao sa isang posibleng mapanganib na sitwasyon
 - Ang pag-iwan nang mag-isa sa isang indibidwal na nangangailangan ng buong araw (o halos palagi) na suporta ay maaaring pagpapabaya

Emosyonal na Pagpapabaya

- Pagdudulot ng emosyonal na pananakit
- Pagkabalisa o paghihirap sa pamamagitan ng pagbabalewala

¹ Abuse and Exploitation of People with Developmental Disabilities:
<https://disabilityjustice.org/justice-denied/abuse-and-exploitation/>

² Welfare and Institutions code:

http://leginfo.legislature.ca.gov/faces/codes_displaySection.xhtml?sectionNum=4900&lawCode=WIC

- Panghahamak
- Pagbubukod sa mga indibidwal

Maaaring kabilang sa pagpapabaya ang **sariling pagpapabaya** ng indibidwal o asal na nagbabanta sa kanilang sariling kalusugan o kaligtasan.

Sino ang Dapat Mong Kausapin?

Bilang isang DSP, ikaw ay minandatong reporter. Nangangahulugan iyan na kailangan mong isumbong ang anumang mga indisidente ng pagpapabaya na nasaksihan mo, narinig, o pinaghihinalaan, sa rehiyonal na center, pulisya, at/o alinmang ahensya ng pamproteksyong serbisyo sa mga nasa hustong gulang. Magtanong sa inyong Administrador para malaman ang mas marami pa!

Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon

- California Department of Social Services - Adult Protective Services
<https://www.cdss.ca.gov/adult-protective-services>
- National Adult Protective Services: <https://www.napsa-now.org/>
- End Abuse of People with Disabilities:
<https://www.endabusepwd.org/solutions/strengthen-prevention/>